Pag-set up sa pakikipag-usap kay Orsa

Sa halip na mga setup page, puwede mong ikuwento kay Orsa ang kompanya mo sa sarili mong salita, naka-type o sinasalita.

Mga hakbang

1. Buksan ang Setting up at piliin ang Kausapin lang si Orsa.
2. Magkuwento tungkol sa negosyo mo hangga't gusto mo: ang ginagawa mo, saan, kailan ka bukas, magkano ang singil mo.
3. Ginagawang mga card ni Orsa ang sinabi mo, isa bawat setting, at nagtatanong tungkol sa anumang kulang pa.
4. Basahin ang bawat card at pindutin ang I-save sa mga tama. Walang na-save hangga't hindi mo ito ginagawa.

Mabuting malaman

Puwede kang bumalik sa mga setup page anumang oras. Makikita rin doon ang anumang na-save mo sa pakikipag-usap.

Isinusulat ang mga presyo nang eksakto kung paano mo sinabi. Ang price book ng HQ ang gumagawa ng anumang kuwenta, hindi kailanman ang AI.

Itinatala sa ilalim ng pangalan mo sa kasaysayan ng mga pagbabago ang lahat ng sine-save mo.